Pag-asikaso sa mga dayuhang nasyonal na nagbabalak pumasok sa Japan

Hunyo 26, 2020
Immigration Services Agency of Japan

1. Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility o mga dayuhang nasyonal na nag-aapply para sa Certificate of Eligibility

[1] Mga dayuhang nasyonal na inisyuhan ng Certificate of Eligibility

Karaniwang ito ay may bisa ng tatlong buwan, ngunit bilang isang espesyal na kaso, ang Certificate of Eligibility na inisyu mula Oktubre 1, 2019 hanggang Enero 29, 2021 ay ituturing bilang may bisa ng anim na buwan mula sa araw na tinanggal ang entry restrictions o hanggang sa Abril 30, 2021, alinman ang mas mauna.

*Mangyaring tumingin **dito** para sa detalye ng proseso, at **dito** para sa listahan ng mga bansa at rehiyon na tinanggal ang entry restrictions.

[2] Mga dayuhang nasyonal na nag-apply para sa Certificate of Eligibility

Kapag napagpasyahang baguhin ang araw ng simula ng aktibidad para sa aplikasyong kasalukuyang pinoproseso, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging ang pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri.

*Tumingin **dito** para sa mga detalye.

2. Mga dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission habang pinoproseso ang aplikasyon para residence

Kung ang isang dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may re-entry permission (kabilang na ang special re-entry permission) ay nagsumite ng aplikasyon para sa permisong baguhin ang status of residence, ng aplikasyon para sa permisong i-renew ang period of stay, o ng aplikasyon para sa permanent residence bago umalis ng Japan, at hindi makabalik ng Japan dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19), ang kamag-anak sa Japan o empleyado mula sa tumatanggap na organisasyon ay papayagang tanggapin ang residence card kaugnay sa pahintulot sa aplikasyon bilang proxy, at ang aplikanteng nasa labas ng Japan ay maaring mag-apply para sa landing gamit ang re-entry permission.

3. Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang kanilang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may re-entry permission atbp.

[1] Mga dayuhang nasyonal na hindi naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (“Permanent Resident”, at iba pa)

Mangyaring mag-apply para sa visa sa misyong diplomatiko kung saan ikaw ay kasalukuyang nananatili.

*Tumingin **dito** para sa mga detalye.

[2] Mga dayuhang nasyonal na naaangkop sa pag-iisyu ng Certificate of Eligibility (Student, Technical Intern Trainee, teknolohiya, humanities, internasyonal na trabaho, at iba pa.)

Kung ang isang dayuhang nasyonal na naninirahan sa Japan bilang mid to long-term resident (Student, Technical Intern, at iba pa), ay umalis ng Japan na may re-entry permission ngunit hindi makabalik dahil sa epekto ng novel coronavirus (COVID-19) at nag-expire na ang kanilang period of stay, bilang pangkalahatang panuntunan, tanging application form at pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri kung sila ay mag-aapply muli para sa Cetrificate of Eligibility.

*Tumingin **dito** para sa mga detalye.